Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/10

Mga sagot sa Pangungusap na Pasalaysay at Patanong

A. Gawing pangungusap na patanong ang bawat pangungusap na pasalaysay.

1. Mas tahimik ang buhay namin ngayon.

   Mas tahimik ba ang buhay ninyo ngayon?

2. Hindi sinasadya ni Arnel ang ginawa niya.

   Sinasadya ba ni Arnel ang ginawa niya?

3. Kulang ang perang baon ni Tess.

   Kulang ba ang perang baon ni Tess?

4. Ang sapatos na suot ni Mark ay bago.

   Bago ba ang sapatos na suot ni Mark?

5. Hinog na ang mga mangga sa basket.

   Hinog na ba ang mga mangga sa basket?

B. Gawing pangungusap na pasalaysay ang bawat pangungusap na patanong.

1. Ibinigay mo ba ang papel sa guro mo?

   Ibinigay ko ang papel sa guro ko./Sa guro ko ibinigay ang papel.

2. Tumawag ba si Ginoong Marcelo kahapon?

   Tumawag si Ginoong Marcelo kahapon./Si Ginoong Marcelo ay tumawag kahapon.

3. Sa parke ba kayo maglalaro ng basketbol?

   Sa parke kami maglalaro ng basketbol./Maglalaro kami ng basketbol sa parke.

4. Sasabay ba sa atin si Diego pauwi?

   Sasabay sa atin si Diego pauwi./Si Diego ay sasabay sa atin pauwi.

5. Si Sherwin ba ay isang mabuting mag-aaral?

   Si Sherwin ay isang mabuting mag-aaral./Isang mabuting mag-aaral si Sherwin.